## Student Agendas/Planners

**Ang Student agendas/planners ay makakatulong sa pag-suporta ng iyong anak sa kaniyang pag-aaral. Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa:**

- Ano ang pinag-aaralan ng iyong anak.
- Ang mga takdang-aralin ng iyong anak at angkop na petsa ng pagsumite.
- Araw ng "professional development" para sa mga guro at ibang mga araw na walang pasok.
- Ang personal na pag-unlad ng iyong anak sa layuning akademiko at mga gawain patungo sa kaniyang tagumpay sa pag-aaral.
- Ang Student agendas/planners ay nakakatulong din sa mga guro at magulang para pag-usapan ang progreso ng mag-aaral.

**Tingnan araw-araw ang agenda at planner ng inyong anak tuwing matapos ang klase.**

VSB

**"Student Agendas and Planners"**

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada WelcomeBC

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# Student Agendas at Planners



***Ano ang mga ito?***

***Paano ito Ginagamit?***

## Student Agendas/Planners



### Ano ang student agendas/planners?

Ang Student agendas/planners ay mga extended na kalendaryo para sa mga mag-aaral. Inuumpisahan ang pag-gamit nito mula sa Grade 4. Ginagamit ito ng mga mag-aaral para maitatag nila ang kanilang mga takdang-aralin, mailista ang mga angkop na petsa ng pag-sumite, at pag-plano ng mga layuning personal at akademiko. Ito rin ang ginagamit ng guro sa pag-komunika sa mga magulang.

### Kadalasan, ang laman ng Student agendas/planners ay ang mga sumusunod:

- Layunin ng eskwelahan.
- Gabay ng pagkilos sa eskwelahan at mga inaasahang asal.
- Tala-orasan ng mag-aaral (student timetable/pro-gram).
- Mga rekord tungkol sa attendance.
- Mahalagang patakaran ng schoolboard.
- Mga gawain sa eskwelahan (e.g. klubs at programang palakasan (sports).
- Impormasyon tungkol sa pagsulat ng tamang bibliograpia.
- Kalendaryo ng buong taon na kasama ang mahalagang petsa ng bakasyon..
- Espasyo para isulat ang mga takdang-aralin at petsa ng pagsumite.

### Karagdagang laman ng Student agendas/planners ay:

- mapa ng Canada at ng United States of America.
- mapa ng ibang kontinente ng mundo.
- chemistry periodic table.
- impormasyon tungkol sa grammar.
- mathematical multiplication table.
- listahan ng mga salitang madalas namamali sa spelling.
- stratehiya sa pagtulong sa mga mag-aaral sa akademiko at personal na layunin.
- Mahalagang numero ng telepono.